# COVID-19:
# Insurance para sa mga negosyo at kaganapan

## Impormasyon sa insurance para sa mga negosyo

Karaniwang bumibili ng saklaw ng insurance ang mga negosyante sa estado ng Washington upang protektahan ang kanilang sarili mula sa mga potensiyal na pagkalugi. Sa paglaganap ng coronavirus (COVID-19), maaaring nagtatanong ang mga negosyante kung sasaklawan ng kasalukuyan nilang polisiya sa insurance ang ganitong uri ng pagkalugi.

### Ano ang kailangan mo para masaklawan

Upang masaklawan laban sa anumang pagkalugi sa negosyo dahil sa nakahahawang sakit, tulad ng COVID-19, kakailanganin mong bumili ng karagdagang pag-endorso sa iyong polisiya.

Direktang makipag-ugnayan sa iyong ahente sa insurance o kompanya ng insurance upang malaman kung mayroon ka na ng karagdagang saklaw na ito. Kung wala kang karagdagang saklaw at gusto mo itong bilhin, makipag-ugnayan sa iyong ahente sa insurance o kompanya upang malaman kung mabibili ito.

Kung hindi mo binili ang karagadang pag-endorso bago ang paglaganap ng sakit at gusto mo itong bilhin, maaaring hindi ibenta sa iyo ng taga-insure ang pag-endorso.

## Insurance sa pagkansela ng kaganapan

Karaniwang inaatas ng mga lugar para sa kaganapan (event) sa tao o kompanyang nag-aarkila ng lugar para sa nakaiskedyul na kaganapan na magkaroon ng saklaw ng insurance para sa pagkansela ng kaganapan. Madalas na hindi kasama ang saklaw para sa paglaganap ng nakahahawang sakit sa karaniwang polisiya ng insurance para sa pagkansela ng kaganapan. Ang uri ng insurance na ito ay sumasaklaw lamang sa mga uri ng peligrong ito:

- Masamang panahon
- Mga natural na sakuna
- Mga hindi pagkakaunawan sa trabaho
- Mga gawa ng terorismo
- Kabiguang bumakante
- Hindi pagdalo

### Ano ang kailangan mo para masaklawan

Maaari kang bumili ng karagdagang pag-endorso sa iyong polisiya ng insurance sa pagkansela ng kaganapan upang masaklawan ang pagkansela ng kaganapan dahil sa nakahahawang sakit. Kung hindi inaalok ng iyong taga-insure ang ganitong uri ng pag-endorso, dapat kang magtanong sa ibang mga taga-insure.

Tandaan na kung hindi mo binili ang karagadang pag-endorso bago ang paglaganap ng sakit at kailangan mong kanselahin ang kaganapan, hindi mailalagay ng taga-insure ang mas maagang petsa sa polisiya upang maibigay ang saklaw para sa pagkansela. Maaaring hindi rin gustong magbenta ng mga taga-insure ng ganitong uri ng pag-endorso.

**TANDAAN:** Ang Office of the Insurance Commissioner (Tanggapan ng Komisyonado sa Insurance) ay walang awtoridad na atasan ang mga taga-insure na magbenta ng anumang uri ng saklaw o pag-endorso ng polisiya sa mga mamimili.

**Mayroong mga tanong sa insurance?**
**www.insurance.wa.gov**
**1-800-562-6900**

OFFICE of the INSURANCE COMMISSIONER
WASHINGTON STATE

facebook.com/wsoic twitter.com/WA_OIC medium.com/commissioners-eye-on-insurance